Rizaldy
ni Dimasalang, Jr.

"Panindigan mo ang iyong pangalan!"

Lagi na lang ganito ang naririnig ko tuwing Buwan ng Wika, tuwing may paligsahan sa pagtula, at tuwing nag-aaral kami sa pagbasa.

Nagtawanan ang aking mga kaklase. Kakaiba kasi ang aking pangalan: Rizaldy. Parang pangalan ng taxi o pinagdikit na pangalan ng mga magulang. Parang pangalang may apelyido na. Sana, puwedeng makapagpalit ng pangalan.

Kapangalan ko na lang sana ang mga sikat sa telenobela—Dao Ming, Fernando Jose, o kaya'y Santino. Ipinangalan sana ako sa aking mga Lolo, tulad ng kaibigan kong sina Bienvenido at Alfonso. O kaya sa pambansang kamao na si Manny.

"Uy, nagpapakabayani!" Laging tukso sa akin kapag nakikita nila akong nagpupulot ng kalat, nagpapakain ng ligaw na pusa, o tumutulong kay titser sa paglilinis ng pisara.

Lalo pang nila akong inasar nang minsang nagfield trip kami sa may Fort Santiago. "Diyan ka ba kinukulong?" natatawang biro ni John Paul, na ipinangalan sa santo papa.

"Nakikita mo ang mga paang ito?" pananakot naman ni Mona Lisa, na ipinangalan sa isang painting. "Iyan ang mga hakbang papunta doon sa Luneta. Doon binaril si Rizal!"

Bakit kapag tinatawag akong bayani, naghahagalpakan ang mga kaklase ko?

"Dapat ipagmalaki ang pangalan mo," sabi ni Papa. "Kapangalan mo ang pambansang bayani. Dapat mo siyang tularan."

Kapangalan ko ang bayani? Sino ba si Jose Rizal? Tinulungan ako ni Kuya para kilalanin siya.

Aba, mahilig pala siyang magbasa, magsulat, at manghuli ng mga pambihirang hayop.

Ang dami din niyang titulo: *dakilang kayumanggi, dangal ng bansa, unang Filipino.* Hindi kaya siya nalilito?

Ipinangalan pa siya sa semento, bangko, paaralan, kalye, probinsiya, at ospital. Nakatindig siya sa mga monumento at nakatatak sa lahat ng piso (kahit unti-unti itong lumiliit, sabi ni Mama).

Gusto kong maging tunay na Jose Rizal!

Magsusunog ako ng kilay (kahit di kami gumagamit ng lampara).

Magiging doktor ako ng mga pusang gala, magiging maestro ako ng makukulit na aso ng kapitbahay.

Magsusulat ako ng mga aklat pambata. Mamahalin ko ang sariling wika para di ako maging malansang isda. Pangako, di ako magiging jejemon.

Paglaki ko, maglalakbay rin ako sa malayong bayan. "Paalam, bayan kong minamahal." Papasyal ako sa mga lumang siyudad at kikilalanin ang ibang kultura.

Pero alam mo, nagtatampo pa rin ako.

Nagtatampo ako kina mama at papa kung bakit ako ipinanganak sa pagitan ng Pasko at Bagong Taon. Sana, ipinanganak ako sa araw na may pasok.

Laging walang klase kaya wala akong parti sa iskul. At kung wala akong parti, wala akong regalo sa mga kaklase at guro.

Kung gusto ko ng parti, sasabihin ni Papa, "Nagparti na tayo noong Noche Buena, di ba? Nagustuhan mo ba ang lutong sopas ko?"

Sabi naman ni Mama, "Hayaan mo, magpaparti na lang tayo sa Media Noche. Bibisita ang mga pinsan mo at nagsisindi tayo ng mga kuwitis."

Pinagsamang Pamasko at pambertdey ang mga natatanggap kong regalo (o aginaldo). "Merry Christmas and a Happy Birthday!" o kaya'y "Merry Birthday and a Happy New Year." Parang nang-iinis ang mga nakasulat kard.

Pero iba nitong huling kaarawan ko. Tandang-tanda ko.

Hindi ako makapaniwalang magkakaroon ako ng parti. Naawa yata sina Mama at Papa sa akin. Maaga pa'y nagbihis na kami. Handa na ang aming pampiknik—may corned dog, ispagheti, at mga cup keyk. Naghanda pa sina kuya't ate ng pumpon ng bulaklak

Hindi kaya sila nagbibiro at sa Luneta pa kami nagpiknik?

Malamig ang simoy ng hangin. Ang daming namamasyal. Sumaglit pa nga raw ang presidente ng bansa kanina. Pagkatapos, nag-alay kami ng bulaklak. Sumaludo pa nga ako sa dalawang guwardiyang nagbabantay sa monumento. (Hindi ko alam kung napansin nila ako.)

"Espesyal na araw ang bertdey mo para sa ating bansa. Araw ito nang pinaslang si Rizal at simula sa pagsilang ng bansa," sabi ni Papa.

"May tiwala kami sa iyo kaya pinangalanan ka naming Rizaldy," sabi pa ni Mama. "Iyan ang regalo namin sa iyo."

"Happy Rizal Day!" sorpesang bati nina kuya't ate.

Pakiramdam ko, ito na ang pinakamasaya kong bertdey.

Nagpasiklab ng himagsikan, nagmulat sa katotohanan, bumuo ng bansa. Hindi ko pa masyadong maintindihan. Pero nagpapasalamat ako sa isang magandang pangalan. Mangangako akong ikararangal ko ito at paninindigan.

Muli akong sumulyap sa ating bayani na nakatanaw sa tumataas na araw sa silangan.